ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVI Blg. 9
Agosto 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Labanan ang maruming gera ng AFP laban sa mga sibilyan

Padalas nang padalas at lalong nagiging mabagsik at brutal ang mga atake ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa mga sibilyan, kaalinsabay ng pagpapaigting nito ng mga operasyong militar sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Mabilis na nauubusan ng oras ang AFP sa itinakda nitong panahon para gapiin at ipawalangsaysay ang Bagong Hukbong Bayan (BHB.) Desperado ang AFP na makapagmalaki ng mga tagumpay sa larangan ng digmaan sa harap ng patuloy na pagsulong ng BHB at pag-agaw ng inisyatiba sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Parami nang parami ang mga sibilyan na walang piling sinasagasaan ng dumadaluhong na mga operasyong militar. Sinasalakay ng AFP yaong itinuturing nilang mga tagasuporta ng BHB at tinatagurian silang mga armadong kombatant. Madalas na mga sibilyan ang target ng mga paghihiganti ng AFP kapag dumanas ito ng mga pagkabigo.

Winawalanghiya ng AFP ang mga internasyunal na batas sa digma na nangangalaga sa kapakanan ng mga sibilyan. Patuloy silang nagkakampo sa gitna ng mga sibilyang komunidad, gumagamit ng mga imprastrukturang sibilyan, hinihigpitan ang galaw at kabuhayan ng mga tao, binibiktima ang mga residente ng abusong pisikal at sikolohikal, at isinasapeligro ang kanilang mga buhay at kabahayan.

Tahasan nilang nililinlang ang publiko sa pagsasabing "mga NPA" ang mga sibilyang biktima ng kanilang maruming gera.

Dapat ilantad at batikusin ang ilang buwan nang paghahasik ng teroristang karahasan ng AFP sa mga isla sa prubinsya ng Masbate. Sa San Jacinto, Monreal, Cataingan, Cawayan, Palanas, Placer at iba pang bayan nito, tuluy-tuloy ang mga atake sa mga sibilyan. Nito lamang Agosto 2, brutal na pinatay ang mag-amang Ariel at Allan Bartulay. Sumunod na araw, minasaker ang apat na drayber ng motorsiklo na pinalalabas ng AFP na "mga NPA". Ilang buwan na ring sinasagasaan ng AFP ang mga karapatang-tao ng mamamayan sa Matuguinao, Samar. Minasaker ang tatlo sa pamilyang Loberando noong Disyembre 2014. Hindi bababa sa anim na sibilyan ang pinatay mula noong Marso. Walang-patid ang mga kaso ng paghahalughog sa mga bahay at pagnanakaw ng mga hayop. Pwersahang pinupulong ang mga tao at pilit na pinaaaming sila'y "mga NPA".

Tampok ring halimbawa ang Paquibato Massacre noong Hunyo 14. Tatlong magsasaka ang pinatay at isang bata ang nasugatan nang palibutan at paulanan ng bala ng mga tropa ng AFP ang dampa ni Aida Seisa, isang kilalang lider magsasaka sa Davao City. Naglubid ng buhangin ang AFP at sinabing "mga NPA" ang napatay nilang lider ng katutubo at mga magsasaka.

Tampok rin ang kaso ng paglusob ng mga pasistang tropa ng 17th IB sa Sityo Dalingan, San Juan, Rizal sa prubinsya ng Cagayan noong Hulyo 20. Hinalihaw ng mga sundalo ang komunidad ng mga minoryang Aggay, pinasok at hinalughog ang mga bahay ng mga inakusahan nilang sumusu-



porta sa BHB at dinukot ang tatlong residente. Inakusahan silang "mga NPA", ikinulong at sinampahan ng kasong "illegal possession of firearms".

Walang-tugot ang pagtugis ng AFP sa mamamayang Lumad ng Talaingod, Davao del Norte. Patuloy na sinasakop ang kanilang lupaing ninuno. Ang itinayo nilang paaralan sa tulong ng mga grupong relihiyoso ay ipinasasara dahil diumano ang mga ito'y pinatatakbo ng "mga NPA". Ang mga nagbakwit na Lumad ay tinutugis hanggang sa Davao City at ang mga grupong nagsisilong sa kanila'y sinampahan ng mga kasong kriminal.

Noong Abril 5, inaresto ng AFP ang pamilyang Anlagan ng Libona, Bukidnon, habang bumibyahe patungo sa Cagayan de Oro City. Kabilang sa inaresto ang anim na anak ng mga Anlagan (kung saan lima ang menor de edad), ang pamilyang Eslao at iba pa nilang kaibigan. Inakusahan silang lahat na "mga NPA" at sinampahan ng mga kasong kriminal. Noong Marso 14, tinortyur ng mga sundalo ang magpipinsang Henrey Omandam, Vergil Pitogo at Johnrey Flores habang nagpapahinga sa bahay ng kanilang tiyahin. Ayon sa AFP, sila rin ay "mga NPA".

Ang todong-gera ni Aquino ay nakatuon pangunahin sa kanayunan. Sa halos 300 kaso ng mga pagpatay ng mga armadong pwersa ng estado, kulang-kulang 70% ay mga magsasaka at mga katutubong mamamayan. Sila rin ang pangunahing biktima ng mga pagdukot at pagkawala.

Kasabay ng todong-gera sa kanayunan, patuloy ang AFP sa pagsasagawa ng surbeylans at paniniil sa kalunsuran laban sa iba't ibang mga grupo at aktibistang nangunguna sa mga protestang anti-Aquino. Sinasampahan sila ng kaliwa't kanang mga kasong kriminal upang pagtakpan ang pampulitikang paniniil. Walang-lubay silang tinutugis at matagalang ikinukulong.

Ang mga pag-atake ng AFP sa mga sibilyan ay sadyang bahagi ng maruming gera ng rehimeng US-Aquino laban sa mamamayang Pilipino. Ang lahat nang ito'y patunay na buladas lamang ang bukambibig ni Aquino na kanyang "boss" ang taumbayan. Ang AFP na rin mismo ang nagpapatunay na malaking kasinungalingan ang satsat nitong "kapayapaan at kaunlaran". Ang Oplan Bayanihan ay walang dili't iba kundi isang gera laban sa bayan.

Dapat ubos-kayang ilantad at labanan ang maruming gera ng AFP laban sa mga mamamayan. Dapat ipahayag ang pinakamalakas at pinakamariing pagbatikos sa mga pasista at brutal na krimen ng AFP. Dapat singilin at usigin ang rehimeng US-Aquino at ang Oplan Bayanihan na digmang panunupil.

Gamitin ang lahat ng paraan upang mabilis at epektibong isiwalat ang impormasyon tungkol sa mga kaso ng pasistang pandarahas at mga paglabag sa karapatang-tao. Puspusang tulungan ang lahat ng mga biktima sa iba't ibang panig ng bansa. Pagtulung-tulungang dalhin sa pambansa at internasyunal na atensyon ang bawat kaso.

Dumugin ng batikos ang AFP at rehimeng US-Aquino sa masmidya, *social media,* sa akademiya, simbahan at lansangan. Kunin ang suporta ng mga abugado, grupong relihiyoso, mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at karapatang sibil, mga grupo at institusyon sa ibang bansa para sa mga biktima ng pasistang karahasan ng AFP.

Dapat pag-ibayuhin pa ng lahat ng yunit ng BHB ang pagsisikap na maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Itaas ang kakayanan ng mga milisyang bayan na bigwasan ang mga yunit ng AFP na yumuyurak sa kapayapaan at kaayusan sa lugar. Targetin sa partikular ang mga yunit ng AFP na may malalaking krimen sa mamamayan.

Biguin ang rehimeng US-Aquino at ang AFP sa layunin nitong maghasik ng takot sa mamamayan. Itaas ang determinasyon ng mamamayan na sama-samang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Pandayin ang kanilang ibayong tapang. Paglagablabin ang apoy ng paglaban. AB

Bayan

Tomo XLVI Blg. 9 | Agosto 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:
*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:
*cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Labanan ang maruming gera ng AFP laban sa mga sibilyan | 1 |
| Apat na drayber, minasaker | 3 |
| Nakaligtas sa Paquibato, lumitaw | 4 |
| Mga gurong Lumad, ginipit | 4 |
| Eastmincom, kinastigo | 5 |
| BBL, di tatanggapin ng MILF | 5 |
| Mga armadong aksyon sa NCMR | 6 |
| Tambang sa Masbate | 6 |
| Pagsasanay-medikal sa Samar | 7 |
| Pribatisasyon ng mga palengke | 8 |
| PPP sa Laguna Lake | 8 |
| Kakulangan ng dorm sa UP | 9 |
| Badyet para korapsyon at eleksyon | 9 |
| Kontra-mamamayang DND badyet | 11 |
| "Pambansang seguridad" ng US | 12 |
| Atake ng ISIS, Turkey sa Kurds | 14 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Apat na drayber, minasaker sa Masbate

Apat na drayber ng habal-habal (pampasaherong motorsiklo) ang minasaker ng mga tropa ng 9th IB sa Barangay Mactan, Cawayan, Masbate noong Agosto 3. Ang karumaldumal na krimen na ito ay pinakahuli lamang sa malawakan at masinsing pamamaslang at iba pang paglabag ng mga yunit-militar sa mga karapatang-tao ng mamamayan ng Masbate.

Namamasada ng kanilang mga habal-bahal sina Gary Bisnar, Adam Fajardo, Joebert Badillo at Rogelio Abelida Jr. nang patigilin sila sa isang tsekpoynt ng 9th IB sa Barangay Mactan, Cawayan. Mula sa tsekpoynt, dinala sila sa kalapit na kugonan at doon ay pinagbabaril ng malapitan. Ibinalita ng mga sundalo sa masmidya na mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napatay sa isang tambang sa araw ding iyon. *(Basahin ang kaugnay na balita sa pahina 6.)*

Dinala ng militar ang mga bangkay ng mga biktima sa Barangay Del Carmen, Uson upang kilalanin diumano ng mga upisyal sa baryo. Ang Del Carmen ay mahigit tatlong kilometro o dalawang baryo pa ang layo sa Mactan. Mariing kinundena ng mga kamag-anak, kababaryo at mga pasahero ang masaker. Anila, ang apat ay mga residente ng Mactan at lehitimong mga drayber na dumadaan sa ruta kung saan itinayo ng mga sundalo ang tsekpoynt.

Noong araw ding iyon, kinuha mula sa kanilang bahay sa Mactan ang matandang si Vicente Berallo at binatilyong apo na si Dodong Berallo. Nilagyan sila ng baril at pinalabas na mga kasapi ng BHB na nahuli sa labanan.

Bago nito, tatlong araw nang naghahasik ng lagim ang mga sundalo sa mga bayan ng Cataingan, Palanas, Cawayan at Placer. Walang pakundangan silang nanira ng mga ari-arian, nanghalughog ng mga bahay, nambugbog, nanampal ng kababaihan, nang-akusa at nagtanim ng armas at bomba sa bahay ng mga sibilyan.


**Pamamaslang at pang-aabuso sa Ticao**

Isang araw bago ang masaker sa mga drayber, dalawang magsasaka ang pinaslang ng militar sa Sityo Palopino, Barangay Bartolabac, San Jacinto, Isla ng Ticao. Alas-3 ng umaga nang dukutin ng magkasanib na tropa ng 93rd Division Reconnaissance Company at Charlie Company ng 9th IB sa pamumuno nina 1st Lt. Alfren Flores, 1st Lieutenant Branias at Corporal Boralya ang mag-amang Ariel at Allan Bartulay. Si Ariel ay inilayo ng mga 500 metro mula sa kanilang bahay at pinatakbo habang binabaril. Umabot sa 36 na tama ng bala ang tinamo niya sa katawan. Si Allan Bartulay naman ay brutal na pinasabog ang ulo sa tama ng tatlong bala.

Ilang buwan nang isinailalim sa operasyon ng mga Peace and Development Team (PDT) ng 9th IB ang Isla ng Ticao. Nagsagawa ang mga sundalo ng mga operasyon kasama ang mga yunit ng 42nd IB, 31st IB, 9th IB at 93rd DRC. Noong Marso 14, dinukot ang mga magsasakang Jomar Escurrel at Riando Almozara sa kanilang bahay sa Sitio Calaw-anan sa barangay Tuguron, Monreal. Matinding pinahirapan ang dalawa bago binaril sa di kalayuan ng kanilang bahay.

Kinundena ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command o CMC) ang serye ng masaker at pamamaslang. Ani Samuel Guerero, tagapagsalita ng CMC, "malinaw na ang pagmasaker sa apat na maghahabal-habal ay ganting aksyon lamang ng militar laban sa mga sibilyan upang pagtakpan ang mga nagawang paglabag sa karapatang pantao at ang pagkatalo nito sa ginawang opensiba ng BHB. Ang taktikang ito ay hindi na bago dahil ginawa na rin ito ng mga pasistang militar sa probinsya ng Sorsogon at iba pang lugar sa Bicol."

Ayon naman kay Ka Maria Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol: "Iisa ang mensahe, patahimikan ang paglaban sa kabila ng kahirapan at kaapihan ng mamamayan at isulong ang katiyakan ng 'pag-unlad' para sa mga dayuhan at lokal na negosyo sa pagmimina at iba pang neoliberal na proyekto na naglilimas sa likas-yaman ng bansa at pumipiga ng lakas paggawa ng anakpawis." AB



# Nakaligtas sa masaker ng Paquibato, lumitaw

Lumitaw noong Agosto 4 mula sa kanyang pagtatago si Aida Seisa, lider magsasaka ng Paquibato District Peasant Alliance (Padipa). Humarap si Seisa sa regular na sesyon ng sangguniang panlunsod ng Davao City para tumestigo ukol sa masaker na naganap sa kanyang bahay noong Hunyo 14.

Naiiyak na isinalaysay ni Seisa ang kalunus-lunos na sinapit ng kanyang pamilya at pinabulaanan ang pinagkakalat na kwento ng mga sundalo na engkwentro ang nangyaring paglusob at pag-istraping sa kanyang bahay sa Purok 7, Barangay Paradise Embac, Paquibato District sa Davao City.

Ayon kay Seisa, kahit sumisigaw na sila na sibilyan ang lahat ng nasa loob ng bahay, walang lubay pa rin na nagpaputok ang mga sundalo. Nang makalabas siya, narinig niyang siya mismo ang hinahanap ng mga sundalo para patayin kaya nagdesisyon na silang mag-asawa na umalis ng bahay kasama ang dalawa nilang anak. Ilang beses nang binantaan ng militar si Seisa bago pa ang masaker.

Sa sesyon ng konseho, pinagpilitan ng mga upisyal ng militar na engkwentro ang nangyari dahil pinutukan diumano sila habang nagdadala ng mandamyento para arestuhin si Leoncio Pitao (Ka Parago.) Ngunit wala namang mailabas ang pulis na mga ebidensya na may nagpaputok mula sa loob ng bahay.

Ayon kay Karlo Bello, tagapangulo ng komite sa karapatang-tao ng konseho ng syudad, "mailalagay sa seryosong kwestyon ang tunay na layunin ng militar" sa pagdadala nila ng mandamyento na walang kasamang pulis, at pagpapaalam sa pulis hinggil sa nangyaring putukan ilang oras nang nakalipas ito. Inabot ng siyam na oras matapos ng masaker bago dumating ang mga pulis sa bahay ni Seisa para magimbestiga.

Noong Agosto 11, pinagtibay ng sangguniang panlunsod ang tatlong resolusyon ukol sa masaker. Nilaman ng mga resolusyon ang panawagan sa AFP na "tanggalin" si 1Lt. Christopher Santos at ang mga sundalong kasama niya sa pangyayari sa Paquibato "dahil sa kakulangan ng tiwala ng Sanggunian" sa kanila at ang kanilang "patuloy na presensya ay lilikha ng takot, kawalang tiwala at maaaring pinsala sa iba pang residente ng Davao City".

Kinabukasan, nagsampa si Seisa sa husgado ng kasong pagnanakaw, *multiple frustrated murder, attempted murder* at *murder* kina Datu Ruben Enlog, Randy Carnasa at Oligario Quimbo laban kina Santos at iba pa.

Samantala, kinilala bilang katangi-tanging tagapagtanggol ng karapatang-tao ang isa sa mga nangalaga sa kaligtasan ng pamilyang Seisa matapos ang masaker. Noong Hulyo 8, binigyan ng parangal ng konseho ng Weimar City ng Germany si Sr. Stella Matutina, isang madreng Benedictine, para sa kanyang kontribusyon sa pagtatanggol ng mga karapatang-tao. Tatanggap siya ng Weimar Award for Human Rights para sa 2015.

Isa si Sr. Matutina sa mga sinampahan ng AFP ng gawa-gawang kasong *kidnapping, illegal detention* at *human trafficking* dahil sa pagtulong niya sa mga Lumad na biktima ng militarisasyon at nakisilong sa Haran Compound.

Taun-taong iginagawad ng Weimar City ang Weimar Award for Human Rights mula pa 1995 sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao bilang "paggunita sa espesyal na pangkasaysayang pananagutan at bilang simbolo ng lahat ng di-kilalang biktima ng mga diktadura at tiranya sa buong daigdig." AB

### Panggigipit sa mga gurong Lumad, tumitindi

NAGPAPATULOY ang panggigipit ng militar sa mga guro at paaralang Lumad sa Mindanao.

Noong Agosto 9, nilusob ng mga grupong Magahat at Bagani, mga paramilitar na pinatatakbo ng AFP, ang komunidad ng mga Lumad sa Purok 16, Sityo Nalindog sa Barangay Bolhoon, Surigao del Sur. Labindalawang unipormadong paramilitar na armado ng mga M16 ang nagpalabas sa mga residente mula sa kanilang mga bahay. Tinipon sila sa *waiting shed* ng purok, ininterogeyt at pinagbantaan. Ang gurong si Regine Tejero at ang limang-buwang buntis na si Angel Vocales ay pinagbintangang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nagbanta rin ang mga paramilitar na susunugin nila ang Nalindog Tribal Community School at mga boluntir na guro nito. Dahil dito, napilitang magbakwit ang 45 pamilya at isara ang kanilang paaralan. Ang Nalindog Tribal Community School ay pinatatakbo ng Tribal Filipino Program of Surigao del Sur at ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development.

Ilang araw bago nito, inaresto ng 58th IB sa Sityo Kibungkol, Barangay Hindangan, Gingoog City si Daniel Lampusay at kanyang kapatid na si Ejun noong Agosto 3. Si Lampusay ay dating boluntir na guro ng programa sa literasiya at numerasiya ng Rural Missionaries of the Philippines. Inakusahan silang mga kasapi ng BHB at inaresto nang walang mandamyento. Ibinimbin sila sa Day Care Center ng barangay kung saan iligal na nakahimpil ang militar bago inilipat sa Medina Police Station. Dinala sila pagkatapos sa Misamis Oriental Provincial Jail. Kapwa sila residente ng Sityo Minalwang, Bal-ason, Gingoog City. AB

## Eastmincom, kinastigo ng imbestigador ng UN

GALIT na kinastigo ni Dr. Chaloka Beyani, United Nations Special Rapporteur (UN-SR) for Internally Displaced Persons, ang Eastern Mindanao Command (Eastmincom) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) dahil sa sobrang pambabaluktot nito sa pahayag ni Dr. Beyani kaugnay sa mga bakwit na Lumad sa Haran Compound. Ang UN-SR for Internally Displaced Persons ay espesyal na upisyal na nag-iimbestiga sa mga kaso ng mga taong napalikas.

Ayon kay Beyani, "mali, hindi katanggap-tanggap at sobra-sobrang pambabaluktot" ang ginawa ng AFP sa kanyang pahayag. Hindi totoo na sinabi niya na "biktima ng human trafficking" ang mga bakwit at na sila ay "minamanipula." Pinabulaanan niya ang pahayag ng AFP na sinabi diumano niya na mga "trafficked persons" ang mga bakwit dahil ipinaabot mismo ng mga Lumad na kusang-loob silang tumungo sa Davao City, ani Dr. Beyani.

Ang tinutukoy niyang "minanipula" ay ang tangkang pagpapauwi sa mga bakwit nang walang angkop at sapat na konsultasyon sa kanila. Pinatungkulan niya rito ang marahas na pananalakay ng mga pulis sa Haran Compound noong Hulyo 23.

Ang krudong pambabaluktot ng Eastmincom sa mga pahayag ng Dr. Beyani ay hindi na bago, ayon sa Karapatan. Gawain na ito ng AFP para pagtakpan ang malalalang paglabag sa karapatang-tao. Kasabay nito ang paggamit ng mga huwad na saksi sa gawa-gawang mga kasong isinasampa nito sa mga aktibista at progresibo, at ang pagtatanim ng mga armas at eksplosibo bilang ebidensya laban sa kanila.

Noong Agosto 13, napwersang magbitiw bilang tagapagsalita ng Eastmincom si Col. Eduardo Gubat matapos humingi ng tawad kay Beyani. Gayunpaman, ipinagpipilitan pa rin ng upisyal ng AFP na binanggit ni Beyani na "minanipula" ang mga bakwit ng mga taong-simbahan, grupong tagapagtanggol ng karapatang-tao at kanilang mga tagasuporta para bigyan-katwiran ang isinampa ng militar na gawa-gawang mga kaso laban sa kanila.

Samantala, kinundena ni Archbishop Rolando Tirona ang pagtago ng rehimeng US-Aquino, sa pamamagitan ng lokal na upisina ng Department of Social Welfare and Development, sa daan-daang bakwit sa Zamboanga City, apat na araw bago ang pagbisita ni Dr. Beyani sa lunsod. Nagbakwit ang mahigit 120,000 sa istadyum noong Setyembre 2013 matapos bombahin ng militar ang kanilang mga komunidad sa tinaguriang "Zamboanga Seige."

Nasa bansa si Beyani noong Hulyo 21-31 para siyasatin ang kalagayan ng mamamayang napalayas dulot ng mga sakuna, armadong tunggalian at mga proyektong "pangkaunlaran." Dinalaw niya ang mga biktima ng superbagyong Yolanda sa Tacloban at mga biktima ng karahasan sa Zamboanga, South Cotabato at Maguindanao. AB

## Pinalabnaw na BBL, di lulunukin ng MILF

NAGPAHAYAG ng pagtutol ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa pinalabnaw na bersyon ng panukalang Bangsamoro Basic Law (BBL) sa kongreso at senado.

Inilarawan ni Mohagher Iqbal, punong negosyador ng MILF, na "50 porsyentong masama" at "mas malala pa sa ARMM" ang House Bill 5811, ang bersyon ng BBL na minadaling aprubahan sa komite ng kongreso noong Mayo. Ang bersyon naman na ipinanukala ni Sen. Ferdinand Marcos Jr., ang Senate Bill 2408, ay pinuna ni Iqbal na "sobrang 100 porsyento" na inalis ang mga probisyon ng orihinal na dokumento ng BBL.

Ang BBL ang magsisilbing batas ng bubuuing estadong Bangsamoro batay sa Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB) na pinirmahan ng MILF at rehimeng Aquino. Magkakabisa ang BBL oras na pagtibayin ng Kongreso ng Republika ng Pilipinas (GPH).

Humarap si Iqbal sa isang porum na inorganisa ng Moro Christian People's Alliance (MCPA) at ng Pilgrims for Peace na ginanap sa National Council of Churches of the Philippines (NCCP) sa Quezon City noong Agosto 12.

"Malinaw, hindi namin ito tatanggapin, kung mas mababa pa ito sa ARMM", ang naging tugon ni Iqbal sa tanong kung ano ang gagawin kung malabnaw ang pagtitibaying bersyon ng BBL sa kongreso.

Tinukoy ni Iqbal na isa sa hindi katanggap-tanggap na pagbabagong ginawa ng kongreso sa BBL ay ang pagaalis ng hatian sa iba't ibang yamang rekurso. Sa orihinal na borador, itinakdang mapupunta ang 100% sa gubyernong Bangsamoro ang yamang di mineral; 75-25 hatiang pabor sa Bangsamoro sa yamang mineral; at hatiang 50-50 sa yamang langis, gas, karbon at *uranium.*

Sa pagbabagong ginawa sa bersyon sa kongreso, lahat ng rekurso sa lupain ng mamamayang Moro ay itinuring na "estratehikong mineral" at ipinailalim sa pambansang gubyernong GPH.

"Sisisihin at hihiyain namin ang GPH kung hindi ito susunod sa mga kasunduang pinirmahan ng dalawang panig," ani Iqbal.

Ani Rep. Neri Colmenares ng Bayan Muna, "ang pagtrato sa BBL ay isang halimbawa na wala ngayong seryosong pagsisikap na kamtin ang kapayapaan sa bansa." AB

# Mga armadong aksyon laban sa 4th ID sa NCMR

Sunud-sunod na mga operasyong haras ang inilunsad ng tatlong subrehiyon ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) laban sa nag-ooperasyong mga tropa mula sa iba't ibang yunit na nakapailalim sa 4th ID mula Agosto 6 hanggang 10. Labing-isang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan sa mga armadong aksyong inilunsad ng BHB sa bulubunduking mga bahagi ng Bukidnon, Misamis Oriental at Agusan del Norte.



**Bukidnon.** Tatlong beses na hinaras ng isang yunit mula sa BHB-South Central Bukidnon Subregional Command ang mga tropa ng 8th IB at Division Reconnaisance Company na nag-ooperasyon sa Barangay Indasa, Malaybalay City noong Agosto 6. Tatlong sundalo ang napatay at lima ang nasugatan.

Noong Agosto 8, dalawang operasyong haras ang muling isinagawa sa parehong barangay. Limang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan. Dahil dito, halos maghapon na binomba ng militar ang lugar. Ilang beses ding lumapag ang kanilang mga helikopter para kunin ang kanilang mga kaswalti.

Noong Agosto 11, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong sundalo sa Sityo Magawa, Bolunay sa kalapit na bayan ng Impasug-ong.

**Misamis Oriental.** Nakipagputukan ang isang yunit ng BHB-Eastern Misamis Oriental-North East Bukidnon Subregional Command sa mga tropa ng 1st Special Forces Company at CAFGU sa Barangay Farmbugas, Claveria noong Agosto 8. Napatay ang isang CAFGU at isang sundalo ang nasugatan.

**Agusan del Norte.** Hinaras ng mga Pulang mandirigma mula sa Western Agusan Norte-Agusan Sur Subregional Command ang mga tropa ng 29th IB sa Sityo Afga, Olave, Buenavista. Dalawang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan.

Bago nito, 21 armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng BHB-NCMR laban sa mga yunit militar at pulis sa rehiyon mula Hunyo 5 hanggang Hulyo 25. Umaabot sa 16 na armas ang nasamsam mula sa mga operasyong haras, ambus at reyd na isinagawa ng mga Pulang mandirigma. Kabilang dito ang reyd sa San Fernando, Bukidnon noong Hunyo 14, reyd sa Gingoog City, Misamis Oriental noong Hulyo 11 at serye ng mga operasyong haras sa Barangay Banglay sa Lagonlong, Misamis Oriental; sa mga barangay ng Bit-os, Bitan-agan, San Mateo at Tungao sa Butuan City; Barangay Imbayao sa Malaybalay City, Bukidnon; sa Barangay Sangay sa Buenavista, Agusan del Norte; Barangay Hindangon sa Gingoog City; at Barangay Bulahan sa Claveria, Misamis Oriental. Noong Hulyo 22, nabigwasan ng BHB ang mga tropa ng kilabot na 1st Special Forces Battalion sa Barangay Lilingayon, Valencia City sa Bukidnon.

Sa loob ng panahong ito, nagtamo ng 20 patay at 12 sugatan ang hanay AFP at PNP habang dalawang Pulang mandirigma ang namartir. AB

## Tambang sa Masbate, matagumpay

TINAMBANGAN ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate (Jose Rapsing Command o JRC) ang pinagsanib na tropa ng Bravo Company ng 9th IB at Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa Barangay Mactan, Cawayan noong Agosto 3. Napatay sa labanan si SSgt. Fernando Leynes Jr. habang sugatan sina Corporal Razalo, Corporal Abonita at Corporal Umdap ng Bravo Company. Isang elemento rin ng CIDG ang nasugatan.

Bago sila matambangan, tatlong araw nang naghahasik ng lagim sa kanilang mga operasyon ang mga sundalo sa mga barangay na sakop ng mga bayan ng Cataingan, Palanas, Cawayan, at Placer. Taliwas ito sa ibinabalita ng militar na pumasok lang sila sa Tuburan, Cawayan upang maghain ng mandamyento de aresto sa isang kriminal at tinambangan sila nang papalabas. Sumakay pa ang tropang militar sa isang *dump truck* na may pasaherong mga sibilyan.

Samantala, naglunsad ng mga armadong aksyon ang BHB sa Albay at Quezon.

**Albay.** Apat na sundalo ng 2nd IB ang nasugatan sa operasyong haras ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-Albay (Santos Binamera Command) sa Barangay Rawis, Pioduran noong Agosto 7. Pinasabugan ng BHB ang mga sundalo habang sila ay nagpapatrulya. Dalawang linggo nang nag-ooperasyon ang mga sundalo sa pitong baryo sa Pioduran (Rawis, Matanglad, Buyo, Sukip, Salvacion, Sto. Cristo at Sinagaran) nang sila ay tambangan.

**Quezon.** Isang operasyong haras ang isinagawa ng isang tim ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) laban sa mga elemento ng 85th IB na humimpil sa *barangay hall* ng Malabahay, Macalelon noong gabi ng Hulyo 26. AB

# Pagsasanay-medikal, inilunsad sa Samar

Sa bulubunduking lugar sa Samar noong maagang bahagi ng taon, ipinagdiwang ng Bagong Hukbong Bayan-Northern Samar (Rodante Urtal Command), kasama ng ilampung magsasaka at kanilang pamilya, ang pagtatapos ng pagsasanay medikal ng mahigit 30 Pulang mandirigma at mga kasapi ng organisasyong masa.

Sa pangunguna ng istap medikal ng Bagong Hukbong Bayan-Eastern Visayas (EV), isinagawa ang pinagsanib na Lebel 1 at 2 na pagsasanay sa loob ng mahigit tatlong linggo. Layunin ng pagsasanay na bigyang-sikad ang pagpapatupad ng gawaing medikal sa loob ng mga platun at sa kanilang mga lugar na kinikilusan.

Ayon kay Ka Tina, pangunahing instruktor ng pagsasanay, bahagi ito ng pagpapalakas ng makinarya ng BHB sa EV para higit nitong maitaas ang kapasidad ng paglulunsad ng taktikal na opensiba. Aniya, ang mga medik ay lalong nagpapatibay ng loob ng mga Pulang mandirigma sa paglulunsad ng mga armadong aksyon.

Itinuro ni Ka Tina, kasama ng tatlo pang instruktor, ang batayang mga prinsipyo para mas mahusay na mapangalagaan ang kalusugan ng mga Pulang mandirigma.

Kasabay nito, itinuro rin ng mga instruktor ang syentipiko at simpleng mga paraan para makaiwas sa karaniwang mga sakit sa mga komunidad. Bahagi ito ng kampanyang pangkalusugan na inilulunsad kasabay ng iba pang mga kampanyang masa sa mga baryo. Tungo rito, inaasahan ng mga instruktor na pangungunahan ng mga kabataang lumahok sa pagsasanay ang pagbubuo ng mga grupong medikal sa baryo. Sa gayon, matitiyak ang pinakabatayang serbisyong medikal sa mga baryo. Kabaligtaran nito ng kriminal na kapabayaan ng reaksyunaryong estado sa pagbibigay ng serbisyo publiko at sa harap ng malawakang pribatisasyon sa mga serbisyo at pasilidad medikal.

Saludo si Ka Tina sa mga estudyanteng nagtapos sa pagsasanay. Sa kabila ng hirap sa pagmememorya ng mga sintomas ng sakit, angkop na mga gamot at iba pang konseptong medikal, matiyaga at masinop silang nag-aral ng teorya at praktika. Mayorya ng mga estudyante ay mula sa uring magsasaka at nakaabot lamang ng antas-elementarya sa pormal na paaralan. Hirap sila sa pagtanda ng mga paraan sa pagsusukat ng mga gamot, tulad ng "mili-miligram ng *penicillin*," at pagbabasa ng mga literaturang medikal tulad ng mga instruksyon sa mga gamot dahil ang mga ito ay nasa wikang Ingles.

Para mapadali ang pagsasanay, pinasimple ng mga instruktor ang mga teorya at higit na nagdiin sa praktika. Sa bawat paksa, isinagawa nila ang mga praktikum para higit na maunawaan ang mga konsepto. Nagpalalim sila sa mga katotohanan at kahungkagan ng mga superstisyon at "sabi-sabi" na laganap sa karamihan sa mga baryo. Masinsin nilang pinag-aralan ang mga partikular na sakit sa rehiyon, tulad ng "sisto" (*schistosomiasis)* at "tugsik" (sakit na kahalintulad sa *leptospirosis.)*

Ikinatuwa ng mga kasapi ng mga sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) sa kalapit na mga baryo ang pagtatapos ng mga bagong medik. Ayon kay Ka Auring, kasapi ng SPL, naghihintay na ang daan-daang magsasaka sa pagkalinga ng mga bagong medik ng hukbo at grupong medikal. Matagal nang tinitiis ng mahihirap na magsasaka ang napakataas na singil ng mga duktor, napakamahal na mga gamot at napakalalayong ospital at pasilidad. Kapag nagkakasakit ang kanilang mga kaanak, aniya, napipilitan silang mangutang sa mga "5-6" dahil wala naman silang maasahan sa lokal na gubyerno at mga ahensya nito.

Ayon sa isa sa kalahok na kabataan sa lokalidad, handa nilang sagutin ang hamon ng pagsisilbi sa kanilang mga kababaryo. Isa sa una nilang aasikasuhin ang paglilikom ng angkop na mga gamit-medikal para agad silang makapagsimula. Itinuturing din ng mga kinatawan ng larangan bilang malaking tagumpay ang pagsasanay, na nailunsad sa gitna ng mga limitasyon at iba pang mga gawain. Ang kaalamang naibahagi ay magsisilbi sa hukbo, anila, gayundin sa pagpapatatag ng mga organisasyong masa at makatutulong sa pagbubuo ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo, at sa munisipalidad sa kalaunan.

Bahagi ng pagtatapos ang paglulunsad ng dalawang-araw na klinikang bayan na dinayo ng mga magsasaka kahit pa nasa malayo itong lugar. Matapos ang masinsinsing konsultasyon, nagkaroon ng simpleng salu-salo at sayawan.

Ayon kay Ka Tina, ang naturang pagsasanay ay isa lamang sa serye na inilulunsad ng istap sa medikal ng rehiyon. Noong Oktubre 2014, isinagawa ang Lebel 3 na pagsasanay sa kalapit na prubinsya na dinaluhan ng mga kinatawan ng mga grupong medikal ng iba't ibang kumand.

Liban sa mga pagsasanay, ikinakampanya rin nina Ka Tina ang maramihang pagpapabakuna, pagbabalik ng malawakang paggamit ng akupangtura, pagpapalaganap ng herbal at lokal na gamot at remedyo, at pag-iwas at paggamot ng "sisto." AB



# Pribatisasyon ng mga palengke sa Maynila, tinutulan

Naglunsad ng protesta ang mga manininda mula sa pitong palengke sa Maynila bago ang State of the Nation Address ni Benigno Aquino III noong Hulyo 27. Tinutulan nila ang pribatisasyon ng kanilang kabuhayan sa ilalim ng iskemang pribatisasyon ng lokal na gubyerno.

Noong Hulyo 23, isinara ng mga manininda ang kanilang mga pwesto at nagrali sa harap ng Manila City Hall para tutulan ang Joint Venture Ordinance ng sangguniang panlunsod. Sa ilalim nito, isasara ang mga palengke at itatayo ang bagong mga istruktura na pamamahalaan ng pribadong mga korporasyon. Ang mga manininda ay mula sa pitong palengkeng saklaw ng Joint Venture—ang Quinta Market na sinimulan nang gibain, at mga pamilihang bayan sa Trabajo, Sampaloc, San Andres, Sta. Ana, New Antipolo at Pritil.


Ayon kay Francisco Chico, presidente ng Vendor's Cooperative ng Quinta Market sa Quiapo, liban sa paggiba ng dating palengke, tinututulan din nila ang planong pagtatayo ng paradahan sa lugar. Aniya, malinaw na pribatisasyon ang pinasok ng "joint venture" ng lokal na gubyerno. Mananatiling nasa pangalan ng syudad ng Maynila ang Quinta Market, pero ang buong operasyon nito ay hahawakan ng isang pribadong kumpanya. Dudang-duda ang mga manininda sa Marketlife Management and Leasing Corporation, ang kumpanyang nakakuha ng kontrata, dahil peke ang nakalistang adres ng upisina nito.

Aabot ang halaga ng pribatisasyon ng Quinta Market sa P250 million.

Ayon mismo sa pahayag ng direktor at tesorero ng Marketlife, maniningil sila ng P70-P80 kada metro kwadrado, doble sa kasalukuyang sinisingil na P40. Ipapasa nila sa pamahalaan ang 20% ng kita. Tinaya nilang P6 milyon kada taon ang ipapasa nilang tubo sa pamahalaan, kaya't P24 milyon ang matitira sa kanila, o P600 milyon sa loob ng 25 taon. Nasa P90 milyon lamang ang halaga ng pagkukumpuni ng Quinta market.

Idinagdag ni Francisco Mariazeta ng Bagong Alyansang Makabayan – Manila, "sinisimulan nito ang buu-buong pagbebenta hindi lamang ng mga palengke kundi lahat ng pampublikong utilidad at serbisyo sa lunsod ng Maynila."

Ipinaskil sa mga nagsaradong pwesto sa mga pamilihan noong araw ng rali ang mga panawagang "No to Joint Venture" at "No to Privatization." ' AB




**Pagkilos laban sa proyektong PPP sa Laguna Lake**

DAAN-DAANG mangingisda ang naglunsad ng isang parada ng mga bangka noong Hulyo 26 sa baybayin ng Muntinlupa upang tutulan ang Laguna Lakeshore Expressway Dike, isang proyektong Public-Private Partnership na nakatakdang igawad bago matapos ang termino ni Aquino.

Kabilang sa nagprotesta ang Save Laguna Lake Movement at ang Nagkakaisang Samahan ng Maliliit na Mangingisda sa Muntinlupa (Nagsama). Kabilang din sa mga daranas ng pahirap sa proyekto sa lawa ang maliliit na manininda.

Ang proyekto ay magkakahalaga ng P123 bilyon. Sa ilalim nito, itatayo ang isang *road dike* para diuamano kontrolin ang baha. Sisingilin ng taripa ang mga dadaang motorista.

"Pinagtatakahan namin, bakit may kasamang pitong isla na (umaabot ng) 700 ektarya," wika ng tagapagsalita ng Nagsama. "Isang daang ektarya ang bawat isla, dalawa sa Taguig, lima sa Muntinlupa".

Dagdag pa, tatlo sa mga isla ay balak gawing residensyal at apat ay komersyal. "Sa residensyal, itatayo ang mga condominium, gusaling *high-rise* at *townhouse*. Sa mga komersyal naman magkakaroon ng *resort, mall* at *casino.*" "Syempre," aniya, "kikita sila, syempre bisnis... Habang kumikita sila, kami namamatay."

Aniya, walang isinagawang malinaw na konsultasyong pampubliko. "May nagpatawag ng pulong sa barangay, nagkwento, pero hindi (sila) naiintindihan ng mga tao." AB

# Badyet 2016: Para sa korapsyon at eleksyon

Bago pa magsimula noong Agosto 10 ang deliberasyon sa Kongreso sa panukalang pambansang badyet ng rehimeng Aquino, kabi-kabila na ang batikos dito ng mga progresibong partido at organisasyon, ng mga karibal na pulitiko at maging ng ilang mga kaalyado nito.

Tadtad ito ng mga *lump sum* o buu-buong pondo na walang detalye kung saan igugugol. Ang mga ito'y walang pinag-iba sa nakaraang Priority Development Assistance Funds (PDAF) na mas kilala bilang *pork barrel* at sa Disbursement Acceleration Program (DAP) na ginamit ng rehimen bilang pondong panuhol noong 2013. Nakatago sa iba-ibang departamento ang mga pondong walang detalye na si Aquino ang magpapasya kung papaano gagastusin. Noong 2014, idineklara ng Korte Suprema na labag sa konstitusyong 1987 ang DAP, PDAF at iba pang porma ng pondong *pork barrel*.

Para sa 2016, umabot sa P3.002 trilyon ang isinumiteng National Expenditures Program (NEP o programa sa paggastos) ng rehimen. Mahigit 15% mas malaki ito kumpara noong 2015 at triple sa pambansang badyet mula nang maupo si Aquino noong 2010.

Katulad sa nakaraang mga taon, tutustusan ng pangungutang ang paggastos ng gubyerno. Sa taya ng Bureau of Treasury ng Department of Budget and Management (DBM), aabot lamang sa P2.7 trilyon ang malilikom ng rehimen na pondo mula sa buwis at pagbebenta ng mga pampublikong ari-arian sa 2016.

Sa gayon, kakailanganin nitong mangutang ng di bababa sa P678.4 bilyon para punan ang depisit sa badyet. Kailangan din itong umutang ng karagdagang P347.7 bilyon para ipambayad sa dati na nitong mga utang. Sa taya ng Kabataan Partylist (KPL), mangangahulugan ito na magkakaroon ng P62,209 utang ang bawat Pilipino sa katapusan ng 2016. Mas mataas ito nang 25% kumpara sa P49,817 noong 2010.

Mula nang maupo si Aquino, lumobo ang utang ng Pilipinas mula P4.63 trilyon tungong P6.2 trilyon sa katapusan ng 2015. Para sa 2016, tinatayang tataas pa ito tungong P6.4 trilyon. Katumbas ito ng hanggang 45% ng kabuuang lokal na produksyon.

**Badyet para sa korapsyon at eleksyon**

Tulad noong nakaraang taon, tinaguriang badyet para sa korapsyon at eleksyon ang NEP 2016. Liban sa pagkakaroon ng mga pondong *pork,* litaw na litaw ang pagkiling nito sa mga proyekto at distritong pinaghaharian ng kapartido at kaalyado ng naghaharing paksyon.

Sa inisyal na pagsusuri ng mga progresibong organisasyon at partido, hindi bababa sa P648.2 bilyon

*sundan sa pahina 10*

# Kakulangan ng dormitoryo sa UP, binatikos

BINATIKOS ng mga mag-aaral, nagmamalasakit na mga propesor at istap ng University of the Philippines (UP) ang malaking kakulangan ng mga dormitoryo sa loob ng kampus nito sa Diliman, Quezon City. Sa isang pagkilos noong Agosto 6, siningil nila ang administrasyon sa kabiguan nitong magbigay ng sapat at murang akomodasyon sa mga estudyanteng mahihirap at nanggaling pa sa malalayong lugar.

Binatikos din nila ang pagtanggap ng unibersidad ng mas maraming estudyante para sa taong 2015-16 nang walang sapat na paghahanda. Nagresulta ito sa kakulangan ng mga klase at kaguluhan noong pasukan.

Ayon sa Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (Stand UP), hindi bababa sa 320 mag-aaral ang walang natuluyang dormitoryo mula nang magsimula ang klase noong Agosto 3.

Dahil walang ibang matuluyan, ang ilan sa kanila ay natulog na lamang sa Sunken Garden habang ang iba ay nagkampo sa harap ng Kalayaan Residence Hall, ang dormitoryo para sa mga bagong estudyante. May ibang pansamantalang nanirahan muna sa upisina ng All UP Workers' Union at upisina ng Student Regent.

May mahigit isandaang mag-aaral naman na itinalaga ng administrasyon sa mga dormitoryong Acacia, Centennial I at Centennial II. Ang mga dormitoryong ito ay mala-pribado at sumisingil ng mula P1,500 hanggang P3,000 bawat buwan, kayat hindi rin kaya ng mga mag-aaral. Ang mga dormitoryong ito ay naitayo gamit ang sinisingil na matrikula sa mga estudyante pero pinatatakbo ng mga pribadong korporasyon.

Mayroon lamang 13 dormitoryo ang UP, kasama ang tatlong mala-pribado. Napilitan ang UP na maghanap ng mga pribadong mapagkukunan ng pondo sa harap ng taunang pagkaltas ng badyet nito.

Sa ilalim ng rehimeng Aquino, apat na beses nang binawasan ang badyet ng UP—noong 2011, 2012, 2014 at sa panukalang badyet ng 2016. Noong 2013, sa P18,4 bilyon na hiniling ng UP, P9.5 bilyon lamang ang ibinigay. Noong 2014 ay P9.4 bilyon ang inilaan sa kinakailangang P17 bilyon. Mula sa P13.1 bilyon badyet nitong taon, ginawa itong P10.9 bilyon na panukalang badyet para sa 2016. AB

*mula pahina 9*

na pondong *pork* ang nakasingit sa panukalang badyet. Sa halagang ito, P430.4 bilyon ang nakapaloob sa mga "special purpose fund" (SPF) habang P217.8 bilyon ang nakasingit bilang mga *lump sum* sa 38 ahensya at upisina ng gubyerno. Mas mataas ito nang 75% kumpara sa P245.7 bilyon noong 2015. Tumaas naman ng 102% ang mga *lump sum* sa loob ng mga SPF—mula sa dating P48.3 bilyon tungong P97.4 bilyon.

Pinakamalaki ang pagtaas ng alokasyon para sa SPF ng mga lokal na pamahalaan sa ilalim ng Department of Interior and Local Government (DILG.) Sa nagdaang mga eleksyon, susi ang pagpopondo sa mga makinarya hanggang sa antas-baryo sa pagtitiyak ng panalo ng mga kandidato ng naghaharing partido. Sa ngayon, ang DILG ay hawak ni Mar Roxas, na personal nang inendorso ni Aquino para sa eleksyong pampresidente sa 2016.

Mula P23.1 bilyon noong 2015, magiging P56.5 bilyon (o karagdagang 69%) ang badyet para sa lokal na pamamahalaan. Bahagi nito ang 500% pagtaas para sa tinawag na *local government support fund* (suportang pondo para sa lokal na gubyerno) mula sa P3.1 bilyon tungong P18.4 bilyon. Naglaan din ng karagdagang P8.3 bilyon sa badyet ng DILG para sa pagtatayo diumano ng mga sistema sa tubig, pabahay sa National Capital Region at iba pang proyektong pangkomunidad sa ilalim ng iskemang "bottom-up budgeting" (BUB). Hindi saklaw ng DILG ang pagtatayo ng gayong mga proyekto.

Liban sa DILG, nakasingit rin ang bilyun-bilyong *lump sum* sa mga badyet ng tradisyunal na palabigasan ng mga upisyal ng burukrasya at militar. Kabilang dito ang Department of Public Works and Highways (P83.8 bilyon), National Housing Authority (P29.9 bilyon), Department of National Defense (P25 bilyon), Department of Agriculture (P21 bilyon), Department of Social Welfare and Development (P12.2 bilyon) at iba pa.

Sa nakaraan, ginamit ng rehimen ang mga SPF para palabasing mayroong "natipid" ang gubyerno sa kalagitnaan ng taon at ipinailalim ang mga ito sa direktang pagpapasya ng pangulo. Ang BUB naman ay nabistong paraan lamang para lalong paburan sa pagbabadyet ang mga kaalyado ng naghaharing paksyon.

Ang mga pondong ito ay liban pa sa P28 bilyong lump sum na nakapailalim sa pagpapasya ng pangulo. Bahagi nito ang taunang pondo para sa mga kalamidad (P19 bilyon), *contingency fund* (P4 bilyon) at alokasyon sa mga lokal na pamahalaan (P5 bilyon).

**Badyet pang-PPP**

Pinalaki rin ng rehimen ang pondo para sa mga pribadong kontraktor na sangkot sa programang Public-Private Partnership. Mula P52.7 bilyon, tumaas tungong P65.9 bilyon ang nakalaan para sa malalaking burgesya kumprador na nakakopo sa mga kontrata sa pribatisasyon ng mga kalsada, eskwelahan at ospital.

Pinanatili nito ang P30 bilyong pondo para sa "risk management program" na nagtitiyak sa kita ng mga kontraktor sakaling maobligang ibaba ang singil sa kanilang mga serbisyo. Pinanatili rin nito ang P1.6 bilyong pambayad ng amortisasyon at upa kay Henry Sy para sa konstruksyon ng Megawide Construction Corporation ng mga gusaling pampaaralan. Dinoble nito ang "strategic support fund" (pondong pansuporta) sa pribadong mga korporasyon. Umabot sa P24.8 bilyon ang nakalaan para pambili ng "right of way" na walang iba kundi ang demolisyon ng daan-daang maralitang komunidad na tatamaan ng 13 proyektong pangkalsada at malalaking haywey ng Ayala Corporation, San Miguel Corporation, Metro Pacific, Megawide, Aboitiz Equity, JG Summit at iba pa. Naglaan din ito ng P9.5 bilyon para sa Light Rail Transit (LRT) at Metro Rail Transit (MRT), mga kumpanyang nasa proseso na ng pribatisasyon.


**Walang patid na ligaya**

Hindi bago ang manipulasyon ng rehimeng Aquino para ilusot ang pondong *pork barrel* para sa mga kapartido at kaalyado nito.

Kamakailan lamang, nabunyag sa ulat ng paggasta na isinumite ng DBM sa kongreso at senado na bilyun-bilyon ang isiningit ng mga kongresista at senador na pondong "pork" sa badyet para sa kasalukuyang taon (2015.) Umaabot sa P495.7 bilyon ang pondong ipinamahagi ng DBM para sa mga programa at proyekto ng mga kaalyado ni Aquino na di-detalyado at wala sa pinagtibay na badyet.

Bahagi nito ang P4.8 bilyong inilaan para sa mga proyektong tinaguriang "congressional initiative" (inisyatiba ng kongreso). Dalawa sa nabiyayaan nito sina Rep. Edgar Erice (P294 milyon) at Enrico Echiverri (P167.5 milyon) na kapwa mula sa Caloocan City at masusugid na tagapagtanggol ni Aquino. Si Erice ay kasosyo rin ni Mar Roxas sa kanyang negosyo sa pagmimina.

Bahagi din nito ang dagdag na mga *lump sum* para sa di-detalyadong mga proyekto ng Department of National Defense



(P455.5 milyon), Department of Social Welfare and Development (P401.5 milyon) at Department of Energy (P150 milyon) para ngayong taon.

Noon namang 2014, sadyang hindi ipinamahagi ng DBM sa mga departamento ang 13% ng kabuuang badyet (P303 bilyon) para ideklara itong "savings" o natipid ng gubyerno sa katapusan ng taon. Sa nakaraan, ang mga pondong "natipid" ay ginamit panuhol sa mga senador na kaalyado ni Aquino para patalisikin ang noo'y punong husgado ng Korte Suprema na si Renato Corona. Ginawa ito noon sa ilalim ng DAP. Ngayong taon, ang natipid na pondo ay ipamamahagi sa mga departamentong hawak ng mga kaalyado nitong kakandidato. Kabilang dito ang DILG (na bibigyan ng P16 bilyon), Department of Transportation and Communications (P20.7 bilyon) at Department of Agriculture (P13 bilyon.) AB

## Badyet ng DND: Badyet panggera sa mamamayan

ITINAAS ng rehimeng Aquino nang halos 20% ang badyet ng Department of National Defense (DND) sa 2016 tungong 172.7 bilyon kumpara sa kasalukuyang taon.

Halos doble ito kumpara sa P82.2 bilyong badyet ng DND noong 2014. Kabilang sa panukalang badyet ang P78.9 bilyon na para diumano sa "eksternal na depensa," o pandepensa ng teritoryo, seguridad, at istabilidad ng serbisyo ng hukbo pangkatihan, hukbong dagat at hukbong panghimpapawid. Ang badyet naman para sa Philippine National Police (PNP) ay itinaas tungong P154.5 bilyon mula sa P71.9 bilyon noong nakaraang taon.

Para sa modernisasyon diumano ng Armed Forces of the Philippines (AFP), naglaan ang rehimeng US-Aquino ng P25 bilyon habang P88.3 bilyon ang inilaan para sa modernisasyon ng PNP. Ang badyet na ito ng DND ay dagdag ng P27.5 bilyon kumpara sa nakalaan sa 2015 o dagdag na 19.5%.

### Pondo "kontra-insurhensya"

Matagal nang isinasangkalan ng rehimen ang sigalot sa pagitan ng Pilipinas at China para bigyang-katwiran ang papalaking badyet "pangmodernisasyon." Gayunpaman, mismong ang mga upisyal-militar ni Aquino ang magpapatunay na hindi ang China, kundi ang mamamayang Pilipino ang tunay na target ng "modernisasyon" ng AFP.

Noong nakaraang buwan, kinansela ni Gen. Hernando Eriberri, noo'y hepe ng Philippine Army at ngayo'y hepe na ng AFP, ang order ng Pilipinas para sa *shore-based missile system* (sandatang nakabase sa mga baybayin) mula sa Israel na nagkakahalagang P6.5 bilyon. Sa halip, gagamitin ng AFP ang pondo para bumili ng dagdag na mga ripleng panudla, kasuotang pangkontra sa atakeng kemikal, bayolohikal o nukleyar, at *long-range sniper weapons system*. Ipinagmalaki mismo ni Aquino sa kanyang State of the Nation Address noong Hulyo ang bilang ng mga armas na nabili na ng AFP at PNP. Ang mga ito ay gagamitin diumano laban sa mga "kriminal" at "terorista" sa loob ng bansa.

Samantala, dumoble din ang badyet para sa Payapa at Masaganang Pamayanan (Pamana) sa ilalim ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP). Mula sa P5.5 bilyon ngayong taon, itataas ito sa P12.8 bilyon. Ang pondong ito'y walang detalye at tuwirang hawak ni Aquino. Sa nakaraang mga taon, nagsisilbi itong pork barrel ng mga upisyal-militar. Ang mga heneral ng AFP ang tutukoy sa mga proyekto at munisipyo na paglalaanan ng Pamana.

### Pondo para sa PPP

Nakapaloob sa badyet ng DND ang gastos ng Government Arsenal, kung saan isang pasilidad nito sa Camp Gen. Antonio Luna sa Limay, Bataan ang itatayo bilang isang *economic processing zone* sa isang General Arsenal Master Development Plan na inaprubahan kamakailan ni Voltaire Gazmin, pinuno ng DND. Isang natatanging proyektong Public Private Partnership ang planong itayong espesyal na enklabo na tatawaging Government Arsenal Defense Industrial Estate (GADIE) Sumasaklaw ito sa 340 ektaryang lupain.


Nakopo ng CPI Total Corp. at Filipinas Dravo Corporation (FDC) ang konstruksyon ng GADIE. Ang FDC ay dating subsidyaryo ng Dravo Corporation, isang nagsara nang kumpanyang US na dating gumagawa ng mga barko at bakal. May mahabang kasaysayan ito ng pangongontrata sa US Navy at sangkot sa pagtatayo ng mga base militar sa Saudi Arabia at Subic.

Magkakaroon ng dalawang seksyon ang GADIE—isang *explosive zone* para sa mga kagamitang pambomba, balang *medium* at *high caliber*, at *metal loading facility* ng Philippine Air Force; at isang *non-explosive zone* para sa paggawa ng maliliit na sandata.

Sa pagsimula ng operasyon nito sa taong 2016, mangunguna sa magtatayo ng mga pabrika ang mga kumpanyang pag-aari ng US, South Korea at Israel. Kabilang sa itatayo sa GADIE ang isang planta para sa paggawa ng mga trak na gamit ng AFP na pag-aari ng KIA Motors ng South Korea.

Layunin ng GADIE na isentralisa ang mga industriya ng sandatang ginagamit ng pamahalaan sa iisang lugar, kung saan "anumang sobra sa kinakailangan ng pamahalaan ay ibebenta sa pamilihang pandaigdigan." AB

# "Pambansang seguridad" ng imperyalismong US ang saklutin ang buong mundo



Nitong Pebrero 2015, isinapubliko ni Pres. Barrack Obama ng US ang bagong National Security Strategy (NSS o Estratehiya sa Pambansang Seguridad) ng gubyernong US. Gaya ng naunang katulad na dokumento na inilabas ni Obama noong 2010, ang NSS 2015 ay isang pangkalahatang plano para ipataw ang kapangyarihan ng US sa buong mundo.

Inilabas ng imperyalistang US ang NSS sa panahong mabilis na umuusbong ang mga kapangyarihang humahamon sa solong paghahari ng US sa buong mundo. Kinikilala ng US ang pag-usbong ng malalaking kapangyarihan sa ekonomya at militar. Partikular na "binabantayan (ng US) ang modernisasyon ng militar (ng China)" at "agresyon ng Russia".

Gayunpaman, iginigiit ng US "ang kapangyarihan ng America para impluwensyahan ang direksyon" ng mga pagbabago sa daigdig. Itinutuon ng US ang pansin nito sa iba't ibang bansa at mga rehiyon dahil ito ang "nangungunang kapangyarihan sa mundo na may interes sa lahat ng mga bahagi" ng daigdig.

Ipinapataw ng US ang kapangyarihan nito sa buong mundo gamit ang iba't ibang mga kaparaanan. Kabilang dito ang diplomasya, pambabraso, pang-iipit sa ekonomya (gamit ang sistema ng panggigipit sa kalakalan), subersyon, pampulitikang panghihimasok at paniniktik.

Pero ang salalayan ng mga kaparaanang ito ay ang paggamit ng pwersang militar na ipinagmamayabang nitong "wala pang kapantay sa lakas, teknolohiya at kakayahang sumaklaw sa estratehikong mga bahagi ng daigdig". Ang lakas militar ng US ay ginagamit para magbanta at aktwal na magsagawa ng armadong agresyon. Nagbibigay din ito ng ayudang-militar sa mga papet na estado o mga maka-US na grupong kontra-gubyerno.

Dapat puspusang ilantad at labanan ang NSS ni Obama. Inaangkin nito ang karapatang makialam at gamitin ang kapangyarihang militar para obligahin ang mga bansa na sumunod sa itinatakdang kaayusan ng imperyalismong US. Tahasang isinasaisantabi ng NSS ang mga prinsipyo ng "non-interference" (di pakikialam) at pantay na kasarinlan ng mga bansa na nasa ubod ng modernong internasyunal na batas.

### Ang napakasaklaw na "seguridad" ng America

Itinatakda ng NSS ang pambansang interes at seguridad ng US bilang linyang naghahati sa buong daigdig sa dalawang malaking kampo: ang panig ng US at ang mga alyado nito at ang panig ng mga kalaban ng US. "Inilalatag ng NSS ang mga prinsipyo at prayoridad para gabayan ang paggamit ng kapangyarihan at impluwensya ng America sa mundo."

Itinuturing na pagtatanggol sa "pambansang seguridad" ng US ang pakikialam nito sa iba't ibang panig ng mundo. Anang NSS, "hindi nagwawakas ang ating obligasyon sa mga hangganan (ng ating bansa). Niyayakap natin ang ating pananagutan sa paggarantiya ng pandaigdigang seguridad dahil naglilingkod ito sa ating mga interes."

Lubha ring pinasaklaw ng US ang mga kinakaharap nitong "estratehikong mga banta" bilang salalayan ng pakikialam nito sa iba't ibang panig ng daigdig: "marahas na ekstremismo at nagbabagong bantang terorista", "lumalaking hamon sa *cybersecurity* (seguridad sa internet)", "agresyon ng Russia", "lumalaking epekto ng *climate change*", paglaganap ng mga sandatang nukleyar, mga "pandemic" o pagsiklab at pagkalat sa iba't ibang bansa ng nakahahawang mga sakit, internasyunal na krisis sa ekonomya at mga kaguluhan sa merkado sa enerhiya at pagpalya ng mahihina o nabibigong mga estado.

Sa madaling salita, ginagamit ng US ang lahat na lamang na pwedeng gamiting usapin bilang dahilan para makialam, at sa maraming pagkakataon, magpakat ng pwersang militar sa iba't ibang dako ng mundo.

Ang "banta ng terorismo" ay ginamit ng US para bigyang-matwid ang pagpapataw ng kapangyarihan nito sa buong mundo. Iginiit ng NSS na ang US ay "magsasagawa ng mga pandaigdigang operasyong kontra-terorismo... at hahadlangan ang agresyon sa pamamagitan ng abanteng presensya at pakikipagsagupaan." Handa ang mga pwersa ng US na "patagusin ang kapangyarihan sa buong daigdig upang talunin at sagkaan ang agresyon sa maramihang teatro."

Bukod sa mga banta sa loob ng sariling hangganan, tinutukoy rin ng NSS na banta sa seguridad ng US ang mga alitan at sigalot sa iba't ibang bansa o sa pagitan ng mga bansa, kabilang ang tinagurian nitong "agresyon" ng Russia at paglabag nito sa soberanya ng Ukraine.

Upang bigyang-matwid ang pakikialam ng US sa iba't ibang panig ng daigdig, ang NSS ni Obama ay nagsisimula sa baluktot na paggigiit na "katangi-tangi" ang America. Upang ipatanggap sa mamamayang Amerikano ang panghihimasok ng gubyernong US sa buong mundo, pinapaypayan ng rehimeng Obama ang kanilang ultra-nasyunalismo. Anang NSS, "...binubuklod (ang mga Amerikano) ng pambansang konsensus na hindi maaring mawala

ang pamumuno ng America sa buong mundo."

"Ang anumang matagumpay na estratehiya na magtitiyak sa kaligtasan ng mamamayang Amerikano at magsusulong sa ating pambansang mga interes sa seguridad ay kailangang magsimula sa di-maitatangging katotohanan — dapat manguna ang America."

Naghahabi ng populistang retorika ang imperyalismong US upang makuha ang malawak na suporta sa panghihimasok. Kabilang sa bukambibig ni Obama ang "pagtatanggol sa demokrasya at karapatang-tao". Sa islogan ng "demokrasya", ikinakatwiran ng NSS ang pakikialam nito sa iba't ibang bansa para "sumuporta sa mapayapang demokratikong pagbabago" na walang ibang ibig sabihin kundi ang manghimasok para itulak ang pagbabagsak o pagpapalit sa isang rehimeng nagsasarili at di sumusunod sa dikta ng US.

Para naman tabunan ang kabangisan ng panghihimasok militar at pampulitika ng US, sinusuhayan ni Obama ang mga repormistang grupong nagdadala ng mga isyu ng kababaihan, mga bata, mga may kapansanan, mga grupong nagtataguyod ng iba't ibang kasarian, mga *refugee* at migrante upang palabasing sumusuporta ang US sa kapakanan ng iba't ibang mga sektor. Tinatarget ng US na buuin, pondohan, suportahan at gamitin ang mga grupong ito para magkaroon ito ng impluwensya sa loob ng mga bansang target nito.

**Pamilihan para sa mga produkto ng US**

Ang pagpapalawak ng pamilihan para sa mga kalakal ng US ang isa sa pinakamahalagang layunin at nasa ubod ng NSS. Anito, "hindi masusteni ng mamimiling Amerikano ang pandaigdigang pangangailangan" at gayo'y kailangan nitong itulak ang "(paglikha) ng pangangailangan para sa eksport ng America".

Sa ilalim ng NSS, plano ni Obama na gamitin ang dominasyon ng US sa ekonomya upang, "magtakda ng bagong mga alituntunin para sa lahat, palakasin ang ating pagsasamahan, at patatagin ang kaunlarang di-nagpupwera."

Tuwiran ang NSS sa pagsasaad na ang mga pagbabago sa alituntunin na itinutulak ng US ay nagsisilbi sa kanyang sariling kapakanan. Ani Obama, "Titiyakin natin na ang pandaigdigang sistemang kalakalan sa hinaharap ay naaayon sa ating mga interes at prinsipyo."

Sa pakikitungo ng US sa iba't ibang mga bansa at mga entidad, pinanghahawakan nito ang "adyenda sa kalakalan (na) nakatuon sa pagpapababa ng taripa sa mga produkto ng America, pagwasak ng mga sagabal sa mga bilihin at serbisyo natin."

Isa sa target ng US ay ang pagpapalaki ng pamilihan nito ng langis. Matapos tukuyin ang pakinabang ng US sa pangunguna nito ngayon sa produksyon ng langis at gas, tinatarget ng NSS ang pagpapalawak ng pamilihan ng US. "Isa sa pinakamakapangyarihang paraan para suportahan ang kaunlarang panlipunan at pang-ekonomya at tulungan ang pagtatayo ng bagong mga pamilihan para sa teknolohiya at puhunang US ay ang ibayong pag-abot ng daigdig sa maasahan at murang enerhiya."

Partikular na binibigyang-pansin ng US ang "pagsandig ng Ukraine at Europe sa suplay ng enerhiya ng Russia". Ayon sa NSS, dapat isulong ng US ang "dibersipikasyon ng panggatong na enerhiya, mga pagkukunanan at mga ruta", hindi lamang para palakasin ang pamilihan para sa mga produktong pang-enerhiya ng US, kundi para din pahinain ang impluwensya ng Russia.

Alinsunod rin sa layuning mapalawak ang mga pamilihan at larangan ng pamumuhunan ng US ang pagtutulak nito ng Trans-Pacific Partnership at Transatlantic Trade and Investment Partnership. Layunin ng mga ito na alisin "ang mga sagabal sa pagluluwas ng US at inilalagay ang United States sa gitna ng isang sona para sa malayang kalakalan na sumasaklaw sa dalawang-katlo ng ekonomya ng daigdig."

Habang ang pangunahing pansin ng US ay nakatuon sa Russia at China, sinisipat at pinaglalawayan rin nito ang malalawak na pamilihan ng mga bansa sa Africa. Nangako ang NSS na patuloy na "susuportahan ang mga kumpanyang US upang palalimin ang pamumuhunan (sa Africa na) posibleng susunod na mayor na sentro ng pandaigdigang kaunlaran." AB

*(Itutuloy sa susunod na isyu.)*



# Atake ng ISIS, Turkey laban sa mga Kurd, kinundena




Kinundena ng International League of People's Struggles (ILPS) ang teroristang atake sa Amara Culture Centre sa Suruç, Turkey noong Hulyo 20. Umabot sa 31 mga kabataang kasapi ng Federation of Socialist Youth Associations ang namartir at mahigit 100 ang nasugatan sa isang *suicide bombing* na isinagawa ng isang kinilalang myembro ng Islamic State in Iraq and Syria (ISIS.)

Kabilang sila sa 300 kabataang nagtitipon para magplano at maghatid ng mga proyekto upang matulungang makabangon ang kalapit na bayan ng Kobane mula sa pagkawasak sa digmaan. Ang mga kabataang ito ay kapwa nagmula sa mga lahing Turko at Kurd. Kasama sa kanilang balak na magtayo ng isang aklatan, parke para sa mga bata, at isang maliit na ospital. Ang Kobane ay isang bayan na nawasak dulot ng pananalakay ng ISIS noong 2014.

Malakas ang ebidensya na ang *suicide bomber* ay hinayaan ng gubyernong Erdogan ng Turkey na makapasok sa Suruç. Ang bayan ng Suruç ay pinamumunuan ng Halklarin Demoratik Partisi (Demokratikong Partido ng Bayan), isang progresibong partido na patuloy na sumusuporta sa pakikibaka ng mga Kurd sa Syria at tumututol sa pagsuporta ng Turkey sa ISIS at iba pang teroristang grupo.

Noon pa man ay nais nang maghiganti ng rehimeng Erdogan at ng ISIS sa mga pwersa ng Kurd sa hilagang Syria. Sa nakalipas na anim na buwan, puspusan ang paglaban ng mga Kurd sa pagtatangka ng ISIS na kontrolin ang mga bayan sa hangganan ng Syria at Turkey.

Matagal nang kinakanlong ng pasistang rehimeng Erdogan ang mga pwersa ng ISIS. Pinahintulutan nitong magtayo ng mga kampo ang ISIS sa loob ng bansa. Kinakasabwat nito ang teroristang grupo upang supilin ang kilusang mapagpalaya ng mga Kurd na pinamumunuan ng Partido ng Manggagawa ng Kurdistan.

Patuloy na nakikibaka ang mga Kurd para sa sariling pagpapasya para maitayo ang sariling bansa at kilalanin ang kanilang lahi. Ang kanilang lupain ay pinaghahatian ngayon ng apat na bansa: Syria (bahaging hilagang Silangan), Turkey (bahaging timog silangan), Iraq (bahaging hilaga), at Iran (bahaging hilagang kanluran).

Pinaigting ng rehimeng Erdogan ang atake nito sa mapagpalayang kilusang Kurd nitong nakaraang mga buwan sa paggamit nito ng mga pwersang panghimpapawid. Nagsilbing panagupang panghimpapawid ng ISIS ang armadong pwersa ng gubyernong Turkey nang sagupain nito ang matatatag na base ng mga Kurd sa Iraq at Turkey.

Nagsisilbing inspirasyon sa buong mundo ang pakikibaka ng mga mandirigmang Kurd mula sa YPG (Pwersang Tagapagtanggol ng Bayan) laban sa ISIS sa Kobane. Naipagwagi nila ang mga labanan gamit ang mga atrasadong armas laban sa mga abanteng kagamitang militar ng ISIS. Mula nang magpalawak ng impluwensya at teritoryo ang ISIS, ang pinakamalakas at epektibong armadong pwersang lumalaban na dito ay ang YPG.

Ang ISIS ay pinopondohan, inarmasan at sinanay ng Central Intelligence Agency at ng iba pang ahensyang paniktik ng mga imperyalista at ng mga papet na rehimen ng US sa Turkey, Saudi Arabia at Qatar. Layunin nilang guluhin, pahinain o ibagsak ang mga estado sa Middle East na tumututol sa mga patakaran ng US, kaalyado nitong NATO at rehimeng Israeli. Katulad ito sa ginagawa ng US na panghihimasok sa Syria sa layong patalsikin ang rehimeng Assad na kumokontra sa mga dikta nito. Ang mga mersenaryong ito ay umaastang mga pundamentalistang Islamiko at Jihadist (mandirigma sa gerang banal) at pinalalabas na ang kanilang panggegera ay naaayon sa relihiyong Islam.

Ang hindi matapos-tapos na kaguluhan, terorismo at digmaan sa mga bansa sa gitnang silangan ay kagagawan ng imperyalismong US, alyado nitong NATO, ang Zionistang rehimeng Israeli at mga papet na rehimeng Arab. Tungkulin ng bawat rebolusyonaryo na ilantad, kundenahin, at labanan ang mga krimeng inihahatid nila sa sanlibutan at mahamig ang lahat ng mamamayang nagmamahal at nagtataguyod ng kapayapaan. AB